

A

Mga Tagubilin sa Pagkolekta at Paghawak ng Specimen

SARILING PAGKOLEKTA NG BILATERAL ANTERIOR NASAL SWAB

Ang mga sumusunod na tagubilin sa pagkolekta ay inilaan upang matulungan kang kuniin ang iyong bilateral nasal sample para sa pagsubok ng COVID-19. Basahin muna nang mabuti ang mga tagubilin, at pagkatapos ay sundin ang bawat hakbang upang matiyak ang tumpak na mga resulta.

PAALALA: Dapat ay 16 taong gulang ka o higit pa upang gawin ang sariling pagkolekta ng bilateral nasal sample. Ang paggamit ng isang salamin ay maaaring makatulong sa iyong pagkolekta.

1



Hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig at patuyuing mabuti.

2



Kunin ang Bilateral Anterior Nasal Collection Kit. Siguruhin na ang tubong pangkolekta ay may lamang likido at na hindi maalap ang itsura ng likido.

3



Isulat ang iyong buong pangalan, petsa ng kapanganakan at ang petsa at oras ng pagkolekta sa etiketa at idikit ito sa tubo.

4




uksan ang takip ng tubo, patayuin ito sa isang patag na ibabaw o sa itinakdang lugar sa kit. Iwasang matapon ang laman ng tubo.

5



Hawakan ang dalawang dulo ng balot ng swab at dahan-dahang alisin ang balot upang lumabas ang hawakan ng swab. Huwag alisin ang buong balot ng swab

6




Alisin ang swab mula sa pakete at hawakan ang swab upang maipit ito sa nakamarkang linya. Pipigilan nito ang aksidenteng pagkaputol ng swab habang nangongolekta.

7




Upang maiwasan ang kontaminasyon, siguruhin na ang swab ay hindi dumikit sa iyong kamay o sa anumang ibabaw bago ang pagkolekta. Kapag nakontamina, gumamit ng bagong kit. Mahalaga: HUWAG basain ang swab bago ang pagkolekta

8




Ipasok ang swab sa pagitan ng pisngi at ibabang mga gilid sa isang gilid at paikutin ang swab ng 3 beses upang matiyak na mabasa ang swab. Ulitin sa kabilang bahagi.

9




Ipasok ang swab ng 1 cm (0.5 in) sa loob ng unang butas ng ilong. Paikutin ang swab nang matatag sa mga gilid ng loob ng ilong ng 15 segundo.

10



Gamit ang parehong swab, ulitin para sa kabilang butas ng ilong. Paikutin ang swab ng karagdagang 15 segundo

11




Agad na ipasok ang swab sa tubo upang ang marka sa swab ay kapantay ng itaas na dulo ng tubo

12




Maingat na putulin ang katawan at hayaang mahulog ang swab sa ilalim ng tubo papunta sa likido.

13



Itapon ang pinutol na bahagi ng swab sa isang karaniwang basurahan.

14




Paikutin nang mahigpit ang takip ng tubo. Mahalaga: Ang mga tumutulong ispesimen ay tatanggihan para sa mga kadahilanan ng kaligtasan at kalidad.

15



Hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig at patuyuing mabuti.

16



Imbakin ang tubo sa room temperature at sundin ang mga tagubilin sa pagbabalot ng iyong sample.